



Mahigit isang taon na ang pandemya. Marami ang dinapuan ng virus at mayroon ding mga binawian ng buhay. Maraming trabaho't negosyo ang nagsara at dahil dito'y marami ang nawalan ng hanapbuhay. Sa kabila ng ganitong mga pangyayari, nagkaroon ng pagkakataon ang mga miyembro ng pamilya na magkasama-sama sa loob ng kanilang tahanan. Habang patuloy na naghahanap ng paraan para kumita, ginagabayan ng Diyos ang bawat Pilipino tungo sa

pagtutok, hindi lamang sa trabaho, kundi pati sa araw-araw na ugnayan sa pamilya.

Ang ugnayan ng tatlong persona sa iisang Diyos ang ipinagdiriwang natin sa Linggong ito. Sa dakilang kapistahan ng Banal na Isangtatlo, nagbabalik-tanaw tayo kung paano nagpakilala ang Diyos sa tao. Nakilala siya ng ating mga ninuno na isang Diyos na may tatlong persona. Hindi ito karunungan bunga ng pag-iisip ng tao, at hindi ito inimbento o kathang-isip lamang ng tao. Ito ay katotohanang mismong Diyos ang nagbunyag sa tao sa loob ng mahabang panahon.

Unang nagpakilala ang Diyos sa kanyang sarili kay Abraham. Ang Diyos na dati'y isang hiwaga para sa karamihan ay nagdesisyong makipag-ugnayan sa tao sa pamamagitan ni Abraham. Siya ang bumuo ng tipan kasama ang mga taga-Israel at sa kabila ng paulit-ulit na pagtataksil ng bayang ito, kailanma'y hindi binawi

## MABUHAY SA *Pag-ibig*



**P. Paul J. Marquez, SSP**

ng Diyos ang kanyang tipan sa kanila. Kalaunan, si Moises naman ang kinausap ng Diyos. Tiniyak sa kanya ng Panginoon na siya ang kanilang Diyos at Israel ang kanyang bayan. Mananatili ang katapatan ng Diyos sa kanyang mga nilalang at magpapadala siya ng isang Tagapagligtas.

Nakilala ng tao sa katauhan ni Jesukristo ang Tagapagligtas na ipinangako ng Diyos. Gumawa siya ng mga mabubuting bagay tulad ng pagpapatawad sa mga makasalanang, pagtataboy sa mga demonyo, pagpapagaling sa mga maysakit. Tinuruan din niya ang madla tungkol sa paghahari ng Ama, at binusog niya ang mga nagugutom. Higit sa lahat, ipinakilala niya sa mga tao ang tunay na kalikasan ng Diyos. Hindi siya isang nakakatakot at malupit na hukom nag-aabang magkamali tayo para tayo'y

maparusahan. Hindi siya isang mapagmatyag na husgado na ididiin tayo sa ating pagkakasala. Hindi siya isang otoridad na pinangingilagan at malayo ang loob sa atin. Sa halip, itinuturo ni Hesus na ang Diyos ay "abba" o Ama, malapit sa atin, hangad sa tuwina ang ating kabutihan.

Humantong si Hesus sa krus ng kalbaryo. Doon niya inialay ang kanyang buhay para sa ating kaligtasan mula sa ating pagiging makasalanang. Bago niya kusang-loob na ibigay ang buo niyang buhay, nagbilin siya sa kanyang

mga alagad na magpapadala siya ng isang gabay o patnubay, ang Espiritu Santo, na mag-iingat sa atin, magpapaalala sa atin ng lahat ng ginawa ng Diyos, at tutulong sa atin para tayo'y makapamahay sa kabanalan. Ang Espiritu Santo ang bunga ng pagmamahalang ng Ama at ni Hesus. Hindi sinarili ni Hesus ang pag-ibig na tinanggap niya mula sa Ama. Sa halip, ibinahagi ni Hesus ang pag-ibig na ito sa lahat ng tao sa bawat panahon. Kaya't patuloy ngayon ang pagkilos ng Espiritu sa sansinukob at sa kalooban ng bawat tao.

Magiging makahulugan ang pagdiriwang natin ng kapistahan ng Isangtatlo kung makikita natin ang ating mga sarili na kaugnay sa pagmamahalang ng Ama, Anak, at Espiritu Santo. Ang nabubuhay sa pag-ibig ng Isangtatlo ay maganda ang kalooban, matiyaga at mapagpalaya. Papaghariin nawa natin ang Isangtatlo sa ating loob ngayong panahon ng salot at kaguluhan.

## PASIMULA

### Antipona sa Pagpasok

(Basahin kung walang pambungad na awit.)

Purihin ang D'yos na banal na sa ati'y nagmamahal. Ama na Bukal ng buhay, Anak na s'ya nating Daan, Espiritung ating Tanglaw.

### Pagbati

(Gawin dito ang tanda ng krus.)

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumainyo rin.

### Paunang Salita

(Maaaring gamitin ito o kahalintulad na pahayag.)

P—Nagbibigay-papuri tayo sa Ama at Anak at Espiritu Santo na siyang puno't dulo ng ating buhay. Sa Banal na Santatlo, nakita natin ang hiwaga ng Pagkakatawang-tao ng Diyos at kanyang Pagliligtas. Nilikha tayo ng Diyos at isinugo niya ang kanyang bugtong na Anak upang iligtas tayo sa pagkakasala. Isinugo naman ang Espiritu Santo upang patuloy na maghatid ng kaligtasang tinamo ni Kristo para sa lahat ng tao sa lahat ng dako at sa lahat ng panahon.

### Pagsisisi

P—Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo'y maging marapat gumanap sa banal na pagdiriwang. (Tumahimik)

B—Inaamin ko sa makapangyarihang Diyos at sa inyo, mga kapatid, na lubha akong nagkasala (lahat ay dadagok sa dibdib) sa isip, sa salita, sa gawa at sa aking pagkukulang. Kaya isinasamo ko sa Mahal na Birheng Maria, sa lahat ng mga anghel at mga banal at sa inyo, mga kapatid, na ako'y ipanalangin sa Panginoong ating Diyos.

P—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B—Amen.

P—Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

P—Kristo, kaawaan mo kami.

B—Kristo, kaawaan mo kami.

P—Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

### Gloria

Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Jesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Jesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

### Pambungad na Panalangin

P—Manalangin tayo. (Tumahimik)

Ama naming makapangyarihan, sa iyong pagsusugo sa Salita ng Diyos na totoo at maaasahan at sa pagbibigay mo ng Espiritung nagpapa-banal sa sanlibutan ipinahayag ang iyong kahiwagaang dakila sa sangkatauhan. Sa pananampalatayang amin ngayong ipinagdiriwang ipagkaloob mong aming maidangal ang Tatlong Persona sa walang hanggang kadakilaan at aming sambahing lubusan ang iyong iisang pagka-Diyos sa mahal na kapangyarihan sa pamamagitan ni Jesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

### PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



### Unang Pagbasa

(Dt 4:32-34, 39-40) (Umupo)

*Ipinakilala ng Diyos ang kanyang sarili sa mga Israelita bilang natatangi at walang katulad, ngunit malapit sa kanyang bayan. Hinihikayat ni Moises ang bayan na maging tapat sa Panginoon at tuparin ang kanyang mga utos.*

### Pagbasa mula sa aklat ng Deuteronomio

SINABI ni Moises sa mga tao: "Isipin ninyo kung may naganap nang tulad nito, nasaksihan o nabalitaan man lamang, mula nang likhain ng Diyos ang daigdig. Maliban sa inyo, sino pa ang nakarinig sa tinig ng Diyos mula sa haliging apoy, at nanatiling buhay? Sinong diyos ang naglabas ng isang buong lahi mula sa isang bansa upang maging kanya sa pamamagitan ng pakikipagsubukan ng kapangyarihan, ng kababalaghan, ng digmaan, at ng makapangyarihang mga gawa, tulad ng ginawa ng Panginoon sa Egipto? Dahil dito, dapat ninyong malaman na sa langit at sa lupa'y walang ibang diyos liban sa Panginoon. Kaya nga, dapat ninyong sundin ang kanyang mga utos at tuntuning sinasabi ko sa inyo ngayon. Sa gayun, mapapanuto kayo at ang lahing susunod sa inyo; magtatagal kayo habang panahon sa lupaing ibinigay niya sa inyo."

—Ang Salita ng Diyos.

B—Salamat sa Diyos.

### Salmong Tugunan (Slm 32)

T—Mapalad ang ibinukod na bansang hinirang ng Diyos.

Amante

E B7

Ma-pa - lad ang i - bi -

E

nu-kod na ban-sang hi-

A B7 E

ni-rang ng Di - yos.

1. Panginoon'y tapat sa kanyang salita, / at maaasahan ang

kanyang ginawa./ Minamahal niya ang gawang matapat./ ang pag-ibig niya sa mundo'y laganap. (T)

2. Sa utos ng Poon, nalikha ang langit./ ang araw, ang buwa't talang maririkit./ ang buong daigdig sa kanyang salita/ ay pawang nayari, lumitaw na bigla. (T)

3. Ang may takot sa Diyos, at nagtitiwala/ sa kanyang pag-ibig, ay kinakalinga./ Hindi babayaang sila ay mamatay./ kahit magtagutom sila'y binubuhay. (T)

4. Ang ating pag-asa'y nasa Panginoon./ siya ang sangalang natin at katulong./ Ipagkaloo mo na aming makamit./ O Poon, ang iyong wagas na pag-ibig./ yaman ang pag-asa'y sa 'yo nasasalig! (T)

### **Ikalawang Pagbasa**

(Rom 8:14–17)

*Ipinaaalala sa atin ni San Pablo na kumikilos ang tatlong Persona ng Santatlo sa ating kaligtasan. Nagiging mga anak tayo ng Diyos at tagapagmanang kasama ni Kristo sa Espiritung nagbibigay-sigla sa atin.*

### **Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma**

MGA KAPATID, ang lahat ng pinapatnubayan ng Espiritu ng Diyos ay mga anak ng Diyos. Sapagkat hindi kayo tumanggap ng espiritu ng pagkaalipin upang muling matakot. Ang tinanggap ninyo ay espiritu ng pagiging anak, at ito ang nagbibigay sa atin ng karapatang tumawag ng "Ama! Ama ko!" Ang Espiritu nga ang nagpapatotoo, kasama ng ating espiritu, na tayo'y mga anak ng Diyos. At yamang mga anak, tayo'y mga tagapagmana ng Diyos at kasamang tagapagmana ni Kristo. Sapagkat kung tayo'y nakikipagtiis sa kanya, tayo'y dadakilain ding kasama niya.

— Ang Salita ng Diyos.

**B - Salamat sa Diyos.**

**Aleluya** (Pag 1:8) (*Tumayo*)

**B—Aleluya! Aleluya! Dakila ang Amang mahal, Anak, Espiritung**

**Banal, noon, ngayon, kailan pa man. Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** (Mt 28:16–20)

**P—**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo  
**B—Papuri sa iyo, Panginoon.**

NOONG panahong iyon, ang labing-isang alagad ay nagpunta sa Galilea, sa bundok na itinuro sa kanila ni Jesus. Nang makita nila si Jesus, siya'y sinamba nila, bagamat may ilang nag-alinlangan. Lumapit si Jesus at sinabi sa kanila, "Ibinigay na sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. Kaya, humayo kayo at gawin ninyong alagad ko ang lahat ng bansa. Binyagan ninyo sila sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo, at turuang sumunod sa lahat ng ipinag-utos ko sa inyo. Tandaan ninyo: ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng sanlibutan."

—Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

**B—Pinupuri ka namin, Panginoong Jesukristo.**

**Homiliya** (*Umupo*)

**Pagpahayag ng Pananampalataya** (*Tumayo*)

**B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.**

**Sumasampalataya ako kay Jesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat, nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao, nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.**

**Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal,**

**sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao, at sa buhay na walang hanggan. Amen.**

**Panalangin ng Bayan**

**P—**Ang Diyos Ama ang Tagapaglikha. Ibinigay niya sa atin ang kanyang Anak upang maging buhay at kaligtasan natin. Manalangin tayo sa patnubay ng Espiritu Santo:

**T—Panginoon, dinggin mo ang iyong sambayanan.**

**L—**Nawa ang Simbahan ay maging daluyan ng kapayapaan at pag-asa para sa lahat ng tao. Manalangin tayo: (T)

**L—**Nawa ang mga pinuno ng Simbahan ay makinig sa tinig ng Espiritu Santo upang magabayan nila nang mahusay ang mga mananampalataya. Manalangin tayo: (T)

**L—**Nawa ang mga pinuno ng pamahalaan ay maging masigasig sa pagpapatupad ng mga programa at mga polisiya para sa mga dukha at mahihina. Manalangin tayo: (T)

**L—**Nawa ang mga relihiyoso at relihiyosa ay maging tapat sa pagsasabuhay ng Salita ng Diyos sa lahat ng panahon. Manalangin tayo: (T)

**L—**Nawa ang lahat ng mga yumao ay makapasok sa walang hanggang kaharian ng Diyos. Manalangin tayo: (T)

**P—**Ama, turuan mo po kaming maging masayang pamayanang nagmamahalang tulad ng Banal na Santatlo. Patuloy nawa kaming makapag-alay sa iyo ng lahat ng papuri, karangalan, at kaluwalhatian ngayon at magpakailanman.

**B—Amen.**



**Paghahain ng Alay** (*Tumayo*)

**P—**Manalangin kayo...

**B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya**

at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

### Panalangin ukol sa mga Alay

**P**—Ama naming Lumikha, gawin mong banal ang mga alay na aming inihanda ngayong aming sinasamba at sinasambit ang ngalan mong dakila at pakundangan sa mga alay na ngayo’y nasa dambana kami nawa’y maging laging nakalaan sa iyong adhika sa pamamagitan ni Jesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.  
**B**—Amen.

### Prepasyo (Santatlo)

**P**—Sumainyo ang Panginoon.  
**B**—At sumaiyo rin.  
**P**—Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.  
**B**—Itinaas na namin sa Panginoon.  
**P**—Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos.  
**B**—Marapat na siya ay pasalamat.

**P**—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat.

Kaisa ng iyong Anak at ng Espiritu Santo ikaw ay iisang Diyos na pinapanginoon ng mga tao. Ang iyong Anak at Espiritu’y di naiiba sa pagka-Diyos mo anupa’t kahit tatlo’y iisang Diyos na totoo. Ang kadakilaan mong ipinahihiwatig upang aming panaligan ay siya rin naming sinasampalatayanan tungkol sa iyong Anak at Espiritung Banal. Bagamat may tanging pag-iral ang bawat isa, iisang Diyos pa rin ang aming sinasamba; sa kapangyarihang taglay ay walang pagkakaiba.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B**—Santo, Santo, Santo... (Lumuhod)

### Pagbubunyi (Tumayo)

**B**—Sa krus mo at pagkabuhay kami’y natubos mong tunay. Poong Jesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.



## SAMBUHAY MISSION APPEAL

*Be a mission partner for Sambuhay!*



Sambuhay Missalette and Sambuhay TV now offer you a chance to reach its nearly a million readers and viewers. We share our "sacred space" for

- Vocation promotions
- Invitations from Catholic communities and other groups
- Announcements for special programs and activities
- Local and international pilgrimages
- Other church and faith-based matters

MEDIUM	DURATION	AD RATE
Sambuhay Sunday Missalette (English or Filipino)	1 SUNDAY	P 4,000
Sambuhay Sunday Missalette (Hiligaynon)	1 SUNDAY	P 1,500
Sambuhay First Friday	1 FRIDAY	P 2,000
Sambuhay Sunday Missalette (English or Filipino)	8 SUNDAYS (2 months)	P 25,000
Sambuhay TV	1 EPISODE	P 5,000

Contact details  
 ☎ 88959701 to 04 loc. 607 sambuhay.missalette@gmail.com Facebook.com/sambuhaymissalettePH  
 88953416 marketing@stpauls.ph Facebook.com/sambuhay.missalette

### PAKIKINABANG

#### Ama Namin

**B**—Ama namin...  
**P**—Hinihiling naming...  
**B**—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

#### Pagbati ng Kapayapaan

#### Paanyaya sa Pakikinaabang (Lumuhod)

**P**—Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.  
**B**—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

#### Antipona sa Komunyon (Gal 4:6)

**Espiritu ng D'yos Anak ang bigay sa ating lahat ng D'yos Amang naghahangad na tayo ay makatawag ng "Ama" sa kanyang habag.**

#### Panalangin Pagkapakinabang (Tumayo)

**P**—Ama naming mapagmahal, mapakinabangan nawa ng aming buong katauhan ang pagtanggap namin sa mga banal na pagsaluhan at ang aming pagsamba nang may pananam-palatayang lubusan sa Tatlong

Persona ng iisang Diyos lamang sa pamamagitan ni Jesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.  
**B**—Amen.

### PAGTATAPOS

**P**—Sumainyo ang Panginoon.  
**B**—At sumaiyo rin.

#### Pagbabasbas

**P**—Magsiyuko tayo habang iginagawad ang pagbabasbas. (Tumahimik)

Ama naming mapagpala, pamalagiin mo kaming matapat sa pagsisikap mabuhay sa diwa ng ipinagdiwang na paghahain ng katubusan na nagpapanibago sa aming pag-iral upang panabikan namin ang iyong mga kaloob na mag-aakay sa amin sa kalangitan sa pamamagitan ni Jesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.  
**B**—Amen.

**P**—At ang pagpapala ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (†) at Espiritu Santo ay manaog nawa at mamalagi sa inyo magpasawalang hanggan.  
**B**—Amen.

#### Pangwakas

**P**—Humayo kayong taglay ang kapayapaan upang ang Panginoon ay mahalina at paglingkuran.  
**B**—Salamat sa Diyos.